Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon| Buksan ang Mata at Palad sa Kabutihan

LiturgyFun! Taon K

www.katolago.com
www.fb.com/katolago

Lucas 16: 19-31 Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga Pariseo: “May isang mayamang nagdaramit nang mamahalin at saganang-sagana sa pagkain araw-araw. At may isa namang pulubing nagngangalang Lazaro, tadtad ng sugat, na nakalupasay sa may pintuan ng mayaman upang mamulot kahit mumong nahuhulog mula sa hapag ng mayaman. At doo’y nilalapitan siya ng aso at dinidilaan ang kanyang mga sugat. Namatay ang pulubi, at dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin ang mayaman, at inilibing. Sa gitna ng kanyang pagdurusa sa Hades, tumingala ang mayaman at kanyang natanaw sa malayo si Abraham, kapiling ni Lazaro. At sumigaw siya, ‘Amang Abraham, mahabag po kayo sa akin. Utusan ninyo si Lazaro na isawsaw sa tubig ang dulo ng kanyang daliri at palamigin ang aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.’ Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Anak, alalahanin mong nagpasasa ka sa buhay sa ibabaw ng lupa, at si Lazaro’y nagtiis ng kahirapan. Ngunit ngayo’y inaaliw siya rito, samantalang ikaw nama’y nagdurusa. Higit sa lahat, inilagay sa pagitan natin ang isang malaking bangin upang ang mga narinig ay hindi makapariyan at ang mga nariyan ay hindi makaparini.’ At sinabi ng mayaman, ‘Kung gayun po, Amang Abraham, ipinamamanhik ko sa inyong papuntahin si Lazaro sa bahay ng aking ama, sapagkat ako’y may limang kapatid na lalaki. Paparoonin nga ninyo siya upang balaan sila at nang hindi sila humantong sa dakong ito ng pagdurusa.’ Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Nasa kanila ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta; pakinggan nila ang mga iyon.’ ‘Hindi po sapat ang mga iyon,’ tugon niya, ‘ngunit kung pumunta sa kanila ang isang patay na muling nabuhay, tatalikdan nila ang kanilang mga kasalanan.’ Sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Kung ayaw nilang pakinggan ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta, hindi rin nila paniniwalaan kahit ang isang patay na muling nabuhay.’”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Panuto: Sagutin ang tanong at kulayan ang larawan.

Kailan ka hinihikayat ni Hesus na gumawa ng kabutihan at tumulong sa kapwa?

Ngayon **Bukas**

Isipin ang isang tao na kailangan ng tulong at ano ang magagawa mong kabutihan para sa kanya?

Action Checklist: Gawa sa Araw-araw

Lagyan ng ✓ kung nagawa mo na!

□ Magbahagi ng pagkain o gamit sa kaklase o kaibigan.
□ Magdasal para sa mga taong walang tirahan o pagkain.
□ Magbasa ng kwento sa Bibliya at ikuwento sa kapatid o kaibigan.

Manalangin tayo...

☩ Panginoong Hesus, buksan Mo ang aking mata upang makita ang nangangailangan, at palakasin Mo ang aking loob na tumulong kahit sa maliit na paraan. Turuan Mo akong maging bukas-palad araw-araw, upang sa aking mga gawa ay maramdaman ng iba ang Iyong pag-ibig. Amen.